



PATNUBAY SA MISA



9 Nobyembre 2014

Ang Pagtatalaga sa Basilikang Laterano

Taon B

Tayo Ang Mga Buhay na Simbahan ng Diyos

Ang anibersaryo ng pagtatalaga sa Basilika ni San Juan Laterano – ang Katedral ng Papa sa Roma – ay isang paanyaya upang ipakita ang ating pagmamahal sa Santo Papa at pagtibayin ang ating pakikiisa sa kanya. Pagkakataon din ito upang pukawin ang kamalayan nating ang templo ng Diyos ay di lamang isang pansambang gusaling yari sa bato at semento, kundi ang mga sumasampalatayang siyang mga tunay na “batong buhay” na bumubuo rito.

Ngayon, samakatuwid, ay kapistahan din ng ating pamparokyang pamilyan, ang pamilya ng Diyos at buhay na templo sa lugar na ito. Ito ay higit na pinatotohanan kapag nagtitipon tayo upang ipagdiwang ang Eukaristiya. Alalahanin natin ang ating pagiging kabahagi ng magandang katunayang ito. Buong puso nating sambahin ang Panginoon kasama ang lahat ng ibang kaisa natin sa pananampalataya at pag-asa, lalo na yaong mga nagdurusa.



PASIMULA



Pambungad

Nakita ko't napagmasdan ang bagong lunsod na banal, lunsod ng kapayapaan na galing sa kalangitan bilang kabyak ng Maykapal.

Pagbati

P–Sumainyong lahat ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Natitipon dito bilang pamilya ng Diyos, manahimik tayong saglit upang alalahanin ang ating pagiging di-karapat-dapat at hilingin sa Panginoon ang kapatawaran at kasiglahan. (*Tumigil sandali.*)

P–Para sa mga pagkakataong naipagpalagay natin ang ating pagiging kasapi sa Simbahan at nagkulang tayong mamuhay alinsunod sa mga kahingian nito, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong tayo'y nagkulang sa paggalang sa simbahan at maaaring nakapagbigay ng di-magandang halimbawa sa ating kapwa, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong higit nating pinahalagahan ang mga bagay na materyal kaysa espirituwal na kapakanan ng ating mga kapatid, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, mula sa mga buhay at piniling bato, ikaw ay nagtayo ng dakila at walang maliw na tahanan mo. Pag-ibayuhin mo ang paglukob ng Espiritu ng iyong kagandahang-loob sa iyong sambayanan upang kami'y lalong sumulong bilang iyong lunsod ng kapayapaan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Ez 47:1-2,8-9,12

Ang propetang si Ezekiel ay nakakita ng isang kasiya-siyang pangitain ng tubig na dumadaloy buhat sa Templo at nagbibigay-buhay maging sa mga patay na katubigan. Sinasagisag ng tubig na ito ang biyayang mula sa banal na buhay ng Simbahang siyang buhay na templo ng Diyos.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Noong mga araw na iyon, bumalik kami ng anghel sa pintuan ng templo. Sa ilalim nito’y may agos ng tubig papunta sa silangan. Ang templo’y paharap sa silangan. Ito’y nagmumula sa gawing timog na bahagi ng templo, sa gawing timog ng altar. Lumabas kami sa pintuan sa gawing hilaga at iniligid niya ako papalabas sa pintuan sa gawing silangan. Doon ay may mahinang agos ng tubig mula sa gawing timog ng hagdanan.

Sinabi niya sa akin, “Ang tubig na ito ay papunta sa dakong silangan, hanggang Dagat na Patay. Pag-abot nito sa Dagat na Patay, malilinis ang tubig nito. Lahat ng lugar na maagusan nito ay magkakaroon ng lahat ng uri ng hayop at isda. Pagdating ng agos nito sa Dagat na Patay, magiging tabang ang tubig ng dagat. Lahat ng lugar na abutin nito ay magkakaroon ng buhay. Sa magkabilang pampang ng ilog ay tutubo ang sari-saring punong-kahoy na makakain ang bunga. Hindi malalanta ang mga dahon nito ni mawawalan ng bunga pagkat ang didilig dito ay ang tubig na umagos mula sa templo; ito ay patuloy na mamumunga sa buong taon. Ang bunga nito ay pagkain, at gamot naman ang mga dahon.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 45

B—Sa bayan ng Dakilang D’yos, batis n’ya’y may tuwang dulot!

R. M. Velez



Sa bayan ng da-kilang D’yos,



batis n’ya’y may tuwang dulot!

* Ang Diyos ang lakas natin at kanlungan, at handang saklolo kung may kaguluhan; di dapat matakot, mundo’y mayanig man, kahit na sa dagat ang bundok mabuwal. B.

* May ilog ng galak sa bayan ng Diyos, sa banal na templo’y ligaya ang dulot. Ang tahanan-lunsod ay di masisira; ito ang tahanan ng Diyos na Dakila, mula sa umaga ay kanyang alaga. B.

* Nasa atin ang Diyos Makapangyarihan, ang Diyos ni Jacob na ating kanlungan. Anuman ang kanyang ginawa sa lupa, sapat nang pagmasdan at ikaw’y hahanga. B.

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 3:9-11,16-17

Ang pamayanan ng mga sumasampalataya na itinatag ni San Pablo sa Corinto ay binabagabag ng iba’t ibang uri ng kasamaan at pagkaka-watak-watak. Sa kanyang unang liham sa kanila, ipinaaalaala ng Apostol sa kanila at sa atin na ang bawat Kristiyanong pamayanan ay isang buhay na templo ng Diyos. Walang sinuman ang dapat sumira sa kaisahan at kabanalan nito sa pamamagitan ng irresponsableng asal.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga taga-Corinto

Mga kapatid: Kayo ang gusali ng Diyos. Ayon sa kaloob ng Diyos sa akin, ako ang naglagay ng pundasyon, bilang mahusay na tagapagtayo. Iba naman ang nagpapatuloy ng pagtatayo ng gusali. Ngunit maging maingat ang bawat nagtatayo, sapagkat wala nang ibang pundasyon na maaaring ilagay liban sa nailagay na, si Hesukristo.

Hindi ba ninyo alam na kayo’y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu? Parurusahan ng Diyos ang magwasak ng templo niya. Sapagkat banal ang templo ng Diyos, at kayo ang templong iyan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Aking bahay na pinili ay pagpapalaing lagi nang ngalan ko’y manatili.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Jn 2:13-22

Ang pagpapaalis sa mga

mangangalakal sa may templo na iniuulat sa Ebanghelyo ngayon ay nagpapahayag ng mataas na paggalang ni Hesus sa kabanalan ng bahay-dalanginan. Ito ay napapanahong paalala sa lahat ng nagkukulang sa paggalang dito, o kaya’y nagtataguyod ng mga gawaing kalimitan ay para sa kapakanang materiyal.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Malapit na ang Paskuwa ng mga Judio, kaya’t pumunta si Hesus sa Jerusalem. Nakita niya sa templo ang mga nagbibili ng mga baka, mga tupa, at mga kalapati, at ang namamalit ng salapi. Gumawa siya ng isang panghagupit na lubid at ipinagtabuyang palabas ang mga mangangalakal, pati mga baka at tupa. Isinabog niya ang salapi ng mga namamalit at pinagtataob ang kanilang mga hapag. Sinabi niya sa mga nagbibili ng kalapati, “Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!” Naalaala ng kanyang mga alagad na sinasabi sa Kasulatan, “Ang aking malasakit sa iyong bahay ay parang apoy na nag-aalab sa puso ko.”

Dahil dito’y tinanong siya ng mga Judio, “Anong tanda ang maibibigay mo upang patunayang may karapatan kang gawin ito?” Tumugon si Hesus, “Gibain ninyo ang templong ito at muli kong itatayo sa loob ng tatlong araw.” Sinabi ng mga Judio, “Apatnapu’t anim na taon na ginawa ang templong ito, at itatayo mo sa loob lamang ng tatlong araw?”

Ngunit ang templong tinutukoy ni Hesus ay ang kanyang katawan. Kaya’t nang siya’y muling mabuhay, naalaala ng kanyang mga alagad na sinabi niya ito; at naniwala sila sa Kasulatan at sa mga sinabi ni Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagka-

tawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Laluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Tayo’y nasa tahanan ng Diyos, isang bahay-dalanganin, at dito’y nakalaan ang lahat para maitaas sa Kanya ang ating mga puso’t isipan sa pagpuri, pagsamba, pagpapasalamat, at pagdulog ng mga kahilingan. Inaalala ang mga pangangailangan ng sangkatauhan, manalangin tayo:

B–Panginoon, dinggin Mo kami!

* Na ang buong Simbahang Katoliko ay tuwinang maging isang malinaw na tanda ng katapatan sa Panginoon at palagiang tagapagpaalala ng kahalagahan ng pagsamba, manalangin tayo! **B.**

* Na magbunga ng maganda ang mga kampanya ng Santo Papa, mga Obispo, at lahat ng mga namumunong espirituwal sa pagtatanggol sa karangalan ng tao at kalayaang panrelihiyon, manalangin tayo! **B.**

* Na ang mga tagapangasiwa sa paglikom ng salapi para sa mga parokya at samahang panrelihiyon ay makaisip ng malinis na pamamaraang hindi maipagkakamali sa “pagbibili’t pangangalakal” ng mga sakramento, manalangin tayo! **B.**

* Na alalahanin tuwina ng lahat ng mga nagsisimba ang kabanalan ng lahat ng lugar ng pagsamba at umasal nang nararapat, manalangin tayo! **B.**

* Na tandaan sana nating lahat dito sa ating parokya na ang

ating pamayanan ay isang buhay na templo ng Diyos at marapat tayong magtulungan alang-alang sa kabanalan at paglago nito, manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoon, masuyo Mong tunguhan kami ritong itinalaga Mo sa paglilingkod sa Iyo at natitipon ngayon para sa paghahandog ng banal na Eukaristiya. Iligtas Mo kami sa lahat ng masama at lagi kaming tulutang mag-alay ng pagsamba ng tapat na buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B–Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahaing ito at ipagkaloob mo sa mga nananalangin sa iyo ang lakas na dulot ng pakikinabang sa mga iniaalay dito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Minarapat mong manahan sa bahay dalanginang itinayo para sa iyo upang kami’y mahubog mo bilang tahanan ng iyong Espiritu na maikapagkakapuri mo sa pagtataglay ng iyong sariling karikitan. Itinalaga mo sa iyong kabanalan ang gusaling kababanaagan ng iyong tinipong sambayanang kaisa ng Anak mo palagi nang makapagluwal ng mga kasapi na sa iyo’y sasapit nang maluwalhati.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan,

kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiya at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B–Ama namin . . .

P–Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailan man! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging. **B**–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Waring mga batong buhay ng tahanan ng Maykapal kayo ay pinanahanan ng D’yos Espiritung banal upang Ama’y paglingkuran.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, niloob mong ang lunsod ng kapayapaan sa langit ay aming mabanaagan sa nakikita naming Sambayanan mo sa lupang ibabaw. Ipagkaloob mong sa aming pakikinabang kami’y panahanan ng iyong kagandahang-loob at ang tahanan ng iyong kadakilaan sa langit ay aming mapasok sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



Ang Tunay na Simbahan

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Tumigil sandali.*)

Manatili nawa kayong nabubuklod ng tunay na Kristiyanong pagmamahalan sa pamamatuubay ng Espiritu ng Pag-ibig.

B – Amen!

P – At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo na kayo upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!



PAMBANSANG PANALANGIN PARA SA PAGDALAW NG SANTO PAPA

(Darasalin bago ang Panalangin Pagkapakinabang sa bawat Misa hanggang Enero 14, 2015)

B – Diyos ng awa at pagmamahal, lumalapit kami sa iyo sa aming pangangailangan at itinataas sa iyo ang aming bansa samantalang naghahanda kami sa pagdalaw ni Papa Francisco.

L – Sa bawat kahilingan, ating itutugon:

B – *Basbasan mo ang Iyong Simbahan, Panginoon!*

L – Upang kami ay maging matapat sa Santo Papa, ang Kinatawan ni Kristo sa lupa. **T.**

L – Upang manabik kami na makatagpo at makinig kay Papa Francisco. **T.**

L – Upang kami'y maging mapagmalasakit sa mga dukha at nangangailangan. **T.**

L – Upang kami'y maging maawain sa mga mahihina at nawawala. **T.**

L – Upang maging mapagpakumbaba kami na ikumpisal ang aming mga kasalanan at magbalik-loob sa Diyos. **T.**

L – Upang kami'y malimit at mataimtim na tumanggap ng Banal na Komunion. **T.**

L – Manalangin tayo.

B – Diyos na aming Ama, kaming lahat ay iyong mga anak. Gawin mo kaming bansang mahabagin at mapagmalasakit na nananabik makatagpo si Papa Francisco. Gawain Mo kaming bansa ng mga banal at bayani sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen!

Tungkulin nating sambihin ang Diyos di lamang sa ating puso, kundi sa labas man at kasama ng iba, pagkat tayo'y kaluluwa at katawan at mga sosyal na nilalang. Isa itong dahilan ng pagkakaroon natin ng mga simbahan.

Ang mga simbahan ay hayagang pagpapakita ng pananampalataya at isang matibay na paalaala ng dimensiyong panrelihiyon ng ating buhay. Itinayo ang mga ito upang makalikha ng isang "kapaligiran ng panalangin" na nagiging kanlungan ng mga mananampalataya laban sa gambala at ingay ng karaniwang pamumuhay, lalo na sa malalaking lunsod.

Para sa ating mga Kristiyano, ang mga simbahan ay di lamang mga gusali para sa pagdarasal. Marami sa mga ito ay pagpapahayag din ng ating pagpapasalamat sa Diyos para sa mga tanging biyayang kaloob Niya sa atin. May iba rin namang simbahang nagpaparangal kay Mariang Kabanal-banalan at iba pang santo; may ibang gumugunita sa mga pagpapakita at himala. Mayroon ding gumugunita sa pagkamartir ng matatapatang na mananampalataya sa iba't ibang panahon. **Ang mga lumang simbahan ay mahalagang tagapag-ugnay sa atin sa nakaraan. Ang mga ito ang mga saksi sa pananampalataya ng ating mga ninuno,** at sa gayon hinahamon tayo sa ating pagiging karapat-dapat sa mga ito.

Pagkat ang mga simbahan ay may tuwirang kaugnayan sa Diyos, natural lamang na ang pagtatayo ng mga ito ay lubos na pinagsisikapang maging karapat-dapat sa pinatutungkulan. At **nagkakaisa rito ang debosyon at sining sa isang "alyansang banal"** na nagbubunga ng magaganda't kahanga-hangang bantayog na hinahangaan ng milyong tao.

Subalit ito ay isang aspetong maaari ring mauwi sa pagmamalabis.

Alalaong baga, ilan sa mga ito ay baka maging bunga ng yabang at kapalaluan, o kaya'y mapanlinlang na pag-uugnay ng pagkakaloob ng grasya ng Diyos at materiyal na gusali mismo. Ganito ang nangyari sa mga Judio at sa kanilang Templo sa Jerusalem – bagay na tinutulan ng mga propetang gaya ni Jeremias. Ganito rin ang maaaring mangyari sa mga Kristiyanong **maaaring makalimot na ang pinakamahalagang sangkap ng Simbahan ay ang mga tao, lalo na ang mga nangangailangan . . . hindi ang institusyon o gusali, kundi PAGMAMAHAL alinsunod sa turo at halimbawa ni Hesukristo.**

Minsan, isang nakalulungkot na kabaliktaran o pagtutol ang maaaring malikha sa ating pagpapahayag ng pagmamahal sa Diyos at tao. Maaaring malimutan natin na **si Kristo ay naparito upang iparating ang kagustuhan ng Diyos na Siya ay mahal in sa ating kapwa.** Kaya, malalaking halaga ang ginugugol sa pagtatayo o pagpapapaganda sa mga gusali ng pagdarasal maging sa ibang bansa at mga pook na may milyun-milyong taong naghihikahos at napabaya. Ang ganitong maling paggamit ng kayamanan ay hindi naaayon sa mga **prayoridad ni Kristo na binibigyang-halaga ang tao sa mga materiyal o mga gusali.**

Dapat nating alalahanin na sa dulo ng ating buhay at **sa wakas ng panahon, tayo ay huhusgahan ni Hesukristo.** At sa panahong iyon, **ang makapagpapasaya ng ating kaligayahan o kalungkutan ay hindi ang bilang ng mga naipatayo nating mga gusali ng dalanginan, kundi ang mga nagawa nating pagkakawangawa at katarungan sa ating kapwa (o hindi nagawa) sa ating pamumuhay sa lupa.** (*Sangguniin Mt 25:31-46.*)



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan